Mga Tip sa Kaligtasan para sa Mga Negosyo

Gusto ng Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach na tumulong na panatilihing ligtas ang iyong negosyo at mga empleyado. Narito ang ilan sa mga tip sa kaligtasan para mabawasan ang panganib:

- Siguraduhing maayos ang pagkakailaw ng iyong negosyo, sa parehong sa loob at labas.
- Kunin ang lahat ng laman ng kaha bago magsara at iwang bukas ang drawer.
- Alisin ang mga electronics, lalo na ang mga tablet at cell phone, at ikandado ang mga ito sa ligtas na lokasyon.
- Alisin ang lahat ng mga anunsyo at iba pang malalaking bagay mula sa mga bintana para mas marami ang nakikita.
- Maglagay ng video surveillance at/o alarm system at siguraduhing gumagana ang sistema.
- Ilipat ang mga kaha at istante ng display para may malinaw na pagtanaw ang kahera sa harapang pinto at sa buong tindahan. Kailangang may malinaw na pagtanaw din ang kahera sa paradahan para maobserbahan ang anumang gawaing nagaganap sa labas ng tindahan.
- Ilagay ang lugar ng kaha nang malayo sa pintuan.
- Hikayatin ang mga empleyadong tumingin nang direkta sa mata at pasalitang kilalanin ang bawat customer na pumapasok sa negosyo.
- Kung maaari, magkaroon ng hindi bababa sa dalawang empleyadong naka-duty nang sabay sa lahat ng oras ng operasyon.
- Maglagay ng fish-eye viewer sa pintuan kung saan hinahatid ang mga padala at sa lahat ng mga panloob na pinto ng opisina.
- Kinakailangang gawa sa solidong ccre materyal ang lahat ng pinto ng opisina na may mga dead bolt na mekanismo na pagkakandado.
- Sanayin ang iyong mga empleyado. Magpaskil ng ilang senaryo ng “anong gagawin sa panahon ng” para alam nila kung anong gagawin at kung paano manatiling ligtas.
- Magpaskil ng mga karatulang “Walang Pagala-gala” sa lugar.
- Siguraduhing malinaw na nakapaskil ang iyong address ay sa harap at likod ng iyong negosyo.

Manatiling konektado sa iyong patrol division!

LBPDNorth@LongBeach.gov LBPDEast@LongBeach.gov
LBPDSouth@LongBeach.gov LBPDWest@LongBeach.gov

Mag-sign up sa AlertLong Beach para makatanggap ng mga abiso sa emergency.
http://bit.ly/AlertLB

Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach
Tumawag sa Police Dispatch sa (562) 435-6711 para magulat ng kahina-hinalang gawain o i-dial ang 9-1-1- para sa mga emergency.